Department of Education
Region III
**SCHOOLS DIVISION OF BULACAN**
Provincial Capitol Compound, Brgy. Guinhawa, City of Malolos, Bulacan
Website: www.bulacandeped.com □□□ Email: bulacan@deped.gov.ph

Setyembre 5, 2018

Sa mga: Hepe ng Dibisyon
Puno ng mga Paaralang Elementarya at Sekondarya (EDDIS I)
At sa iba pang Kinauukulan

Ang Pamahalaang Panlalawigan ng Bulacan ay nakatakdang isagawa ang taunang Pambungad na Programa ng Singkaban Festival sa ika-10 ng Setyembre, 2018 (8:00nu) sa Bulacan Capitol Gymnasium, Lungsod ng Malolos.

Kaugnay nito ay malugod na inaanyayahan sa nasabing palatuntunan ang mga Hepe ng Dibisyon, Tagamasid Pansangay at Pampurok at Puno ng mga Paaralang Elementarya at Sekondarya (EDDIS I). Pormal ang kasuotan.

Inaasahan ang inyong pagbibigay pansin sa bagay na ito.

**ZENIA G. MOSTOLES, Ed. D., CESO V**
Tagapamanihala ng mga Paaralan

**LIHAM PANSANGAY**
**Blg.** 190 **, s. 2018**

REPUBLIKA NG PILIPINAS
PAMAHALAANG PANLALAWIGAN NG BULACAN
Lungsod ng Malolos

## TANGGAPAN NG PUNONG LALAWIGAN

Agosto 29, 2018

**DR. ZENIA G. MOSTOLES, CESO V**
*School's Division Superintendent*
*Department of Education*
Lungsod ng Malolos, Bulacan

SDO OF BULACAN
RECEIVED
SEP 0 5 2018
By: 3077

Mahal na **Dr. Mostoles:**

Pagbati mula sa Pamahalaang Panlalawigan ng Bulacan!

Mapalad ang Lalawigan ng Bulacan sapagkat pinagpala ito ng makapigil hiningang lupaing binubuo ng maririlag na kabundukan, masaganang kapatagan at mga dalampasigan at kailugang nag-uumapaw sa buhay. Subalit sa kabila ng mga kasaganaang ito, ang ating mayamang sining, kultura at kasaysayan pa rin ang pinakamarikit na Hiyas na patuloy na nagpapatingkad sa kadakilaan ng ating minamahal na lalawigan. Tungo rito, patuloy nating pinahahalagahan ang kalagayang ito sa pamamagitan ng pagdiriwang ng *Singkaban (Siningat Kalinangan ng Bulacan) Festival* taon-taon.

Kaugnay nito, malugod ko kayong inaanyayahang dumalo, kasama ang inyong **isangdaang (100) *principals* at *district supervisors*,** upang saksihan ang **Pambungad na Programa ng *Singkaban Festival 2018*** nagaganapin sa **ika-10 ng Setyembre, 2018, ganap na ika-8:00 ng umaga, sa *Bulacan Capitol Gymnasium*, Antonio S. Bautista Bulacan Provincial Capitol Compound, Lungsod ng Malolos, Bulacan**, upang ating pormal na pasimulan ang pagdiriwang sa taong kasalukuyan.

Lubos nainaasahan ng inyong lingkod ang inyong mahalagang pagdalo sa paksang paanyaya.

Maraming salamat.

Mabuhay kayo!

Lubos na sumasainyo,

**WILHELMINO M. SY-ALVARADO**
Punong Lalawigan

*2nd Floor, Capitol Bldg., Guinhawa, City of Malolos, Bulacan 3000*
*Telephone No. +63-44 7918148/49/50 Fax No. +63-44 7910853*
*Email Address: gops.pgbbulacan@gmail.com*

GOV. WILHELMINO M. SY-ALVARADO
VICE GOV. DANIEL R. FERNANDO

*"Lalawigan ko'y ikaw, Lingkod mo ako"*